

OPISYAL NA PAHAYAG

Mayo 12, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyong ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Kinakailangan ang Panakip ng Mukha sa Paliparan ng Long Beach

Long Beach, CA - Bahagi ng patuloy na pag-iingat sa kaligtasan, hinihiling ng Long Beach Airport(LGB) sa lahat ng mga pasahero, empleyado, at mga bisita na magsuot ng panakip sa mukha habang nasa paliparan. Ang patakarang ito ay ayon sa utos ng Lungsod ng Long Beach na “Masligtas sa Tahanan” at gabay galing sa mga eksperto sa kalusugan ng publiko.

“Habang unti-unting nagbubukas ang ekonomiya at ang publiko ay nagsisimulang bumiyahе muli, nais naming matiyak ang pinakaligtas na posibleng karanasan para sa lahat ng mga pasahero,” sabi ni Mayor Robert Garcia.

Inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na magsuot ng panakip ng mukha na sumasakop ng ilong at bibig kapag nasa publiko upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Ang mga halimbawa ng angkop na panakip ng mukha ay ang mga bandana, mga gaiter ng leeg, o mga telang panakip na may tali o strap. Mahalagang tandaan na ang mga panakip ng mukha ay hindi kapalit ng pisikal na pagdistansya at madalas na paghuhugas ng kamay.

“Ang aming mga kasosyo sa Long Beach Airport ay nagsama sama upang makapagbigay ng tuloy tuloy na ligtas na kapaligiran, habang pinapanatili ang komportableng karanasan na inaasahan ng ating mga kustomer,” sabi ng Direktor ng Long Beach Airport na si Cynthia Guidry. “Inaasahan naming makita ang maraming pasahero ngunit nagpapasalamat kami sa publiko na sineseryoso ang utos ng kalusugan at iniwasan ang hindi kinakailangang paglalakbay. Ang LGB ay handa ng tanggapin ang iyong pagbabalik.”

Ang lahat ng limang mga paliparan sa LGB, pati na rin ang mga konsesyon at kumpanya ng pag-upa ng kotse, ngayon ay nangangailangan ng mga panakip ng mukha para sa mga kostumer at empleyado. Ang mga opisyaes ng Transportation Security Administration (TSA) sa LGB ay kinakailangan ding magsuot ng mga panakip. Maaaring hilingin ng mga opisyal sa mga bisita na ayusin o tanggalin ang mga panakip ng mukha habang nasa proseso ng screening ng seguridad.

Bilang karagdagan sa kinakailangang panakip ng mukha, itinatag ng LGB ang mga karagdagang hakbang kagaya ng mga protokol sa pagdisimpekta at mga decal sa sahig upang lumikha ng pisikal ng pagdistansya.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###